



Australian Government



jobactive—tinutulungan kang makahanap ng tauhan

Ang jobactive ay isang paraan ng Pamahalaang Australya sa pagkakaroon ng trabaho ng mga Australyano. Ikinokonekta nito ang mga naghahanap ng trabaho sa mga taga-empleyo at isinasakutuparan ito ng isang ugnayan ng mga tagapagdulot ng jobactive sa mahigit na 1700 na mga lugar sa kabuuan ng Australya.

Bilang isang taga-empleyo, magagamit mo ang lokal na tagapagdulot ng jobactive para sa ipinasadyang mga serbisyo sa paghahanap ng trabahador, na walang gastusin sa iyo. O maaari mong piliin na pangasiwaan ang sarili mong mga bakanteng pwesto gamit ang website o app ng jobactive.

Ano ang maaasahan ko sa jobactive?

Ang mga tagapagdulot ng jobactive ay naghahatid ng propesyonal na mga serbisyo sa paghahanap ng trabahador mula umpisa hanggang matapos nang walang gastos para sa iyo. Para makapili ng tagapagdulot ng jobactive sa kabuuan ng Australya, bisitahin ang: www.jobactive.gov.au.

Kakausapin ka ng tagapagdulot ng jobactive nang harapan o sa telepono, tungkol sa natatangi mong pangangailangan sa negosyo. Ibabalangkas nila ang mga serbisyong kanilang maibibigay kabilang ang:

- mga kandidatong napili at handa nang magtarabaho
- pagsasanay kung kinakailangan, sa kagamitang may kaugnayan sa trabaho bago magsimula para sa mga trabaho sa iyong negosyo.
- suporta sa mga baguhan habang ginagamayan ang trabaho

- pag-access sa mga tulong ng pamahalaan sa pasahod kapag nagrekluta at tinanggap ang isang nararapat na naghahanap ng trabaho.

Ano naman ang tungkol sa mga mapagpipilian sa sariling-serbisyo?

Makakapili ka ring magpa-anunsyo at pangasiwaan ang sarili mong mga bakanteng pwesto sa trabaho sa pamamagitan ng website sa www.jobactive.gov.au o sa libreng app ng Taga-empleyo (makukuha sa iTunes at Google Play).

Tulong ng jobactive para sa mga nagpapalago ng mga halaman

Kung isa kang maghahalaman, makakakuha ka ng tulong para makahanap ng mga taga-aning mga trabahador mula sa jobactive Harvest Labour Services. Matatagpuan mo ang inyong lokal na Harvest Labour Service sa pamamagitan ng www.jobsearch.gov.au/harvesttrail. Pinipili nila ang mga trabahador at ibinabagay sa mga maghahalaman.

Maaari mo ring ipa-anunsyo ang mga bakanteng pwesto sa Harvest Trail sa www.harvesttrail.gov.au o sa pamamagitan ng jobactive Employer App.

Kailangan mo ng karagdagan ng impormasyon?

- Magtungo sa www.jobactive.gov.au
- Tumawag sa Employer Hotline sa 13 17 15*.



Australian Government

 jobactive

Kailangan mo ng tulong tungkol sa fact sheet na ito?

Kung kailangan mo ng interpreter, pakitawagan ang Serbisyo sa Pagsasalinhika at Pag-iinterprete (Translating and Interpreting Service) (TIS) sa 131 450* at hilingin ang Employer Hotline sa 13 17 15*.

Kung ikaw ay bingi o may kapansanan sa pandinig o pagsasalita, magagamit mo ang National Relay Service. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.relayservice.gov.au.

** Pakitandaan na ang mga tawag sa numerong '13' ay may naaangkop na mga singil kung gamit ay teleponong mobile.*